



tiradabalita.com

## Industriya ng saging sa Davao, manunumbalik ang sigla, DOST

Ni Ricardo R. Argana  
S&T Media Service, PCAARRD

**T**iniyak ng Department of Science and Technology (DOST) na manunumbalik ang sigla ng industriya ng saging, matapos ang pananalanta ng pesteng *Fusarium wilt* o mas kilala bilang Panama disease noong 2011.

Ayon sa ulat, mayroong higit sa 600 ektarya ng taniman ng Cavendish banana ang nasalanta sa rehiyon ng Davao.

Dahil dito, ang pamahalaan ay naglaan ng pondo upang magsagawa ng mga pag-aaral hinggil sa nasabing peste. Kabilang dito ay ang pagtukoy sa mga uri ng saging na may kakayahang labanan ang nasabing sakit.

sundan sa pahina 2

## Niyog, alternatibong sangkap sa tinapay

Ni Allan Mauro V. Marfal  
S&T Media Service, DOST-STII

**S**a mga nakalipas na taon, patuloy ang pagtaas ng presyo ng mga produktong tinapay dahil ang harina na pangunahing sangkap ay iniaangkat pa sa ibang bansa.

At sa kadahilanang ito, isang pag-aaral ang isinagawa ng Department of Science and Technology (DOST) sa pamamagitan ng Food and Nutrition Research Institute (DOST-FNRI) sa paggamit ng niyog bilang alternatibong sangkap sa paggawa ng mga tinapay.

Isa sa mga by product ng niyog ay ang sapat. Ito ay ang labi ng niyog matapos katasin ang

gata mula sa karne nito. Ang sapat o coconut residue ay maaaring gawing coconut flour.

Ayon sa DOST-FNRI, angkop na solusyon ang coconut flour sa kadahilanang simple lamang ang pagproseso nito at nangangailangan lamang ng mga simpleng kagamitan upang makagawa ng harina mula sa niyog.

Binanggit din ng DOST-FNRI na mas mataas ang total dietary fiber (TDF) content nito kumpara sa mga popular dietary fiber source katulad ng oat brand at flaxseed.

sundan sa pahina 2

### Mga Nilalaman

Mga pamilyang nasalanta, kinupkop ng Pisay, DOST handang tumulong ..... p2

Industriya ng kawayan at metal works, patok sa Iloilo..... p4

DOST pinangunahan ang "Sulong Tabang S&T sa Visayas" ..... p4

Larawan News..... p4



# Mga pamilyang nasalanta, kinupkop ng Pisay, DOST handang tumulong

Ni Joy M. Lazcano  
S & T Media Service, DOST-STII

**D**ahil sa laki ng epekto na dulot ng Super Typhoon Yolanda sa Silangang Kabisayaan, masasabi na ang bawat Filipino maging ang mga bansa sa ibang panig ng mundo, ay nag-aambag ng kanilang maitutulong para sa mga pamilyang nasalanta. At sa puntong ito, ang Department of Science and Technology (DOST) ay nakiki-isa sa buong bansa sa pag-aabot ng tulong lalo na sa 400 pamilyang ngayon ay kinukupkop ng Philippine Science High School (PSHS) sa Palo, Leyte.

Sa nakaraang flag raising ceremony na ginanap sa DOST Complex sa Bicutan, Taguig City, nanawagan si Sec. Mario Montejo sa mga kawani na tumulong sa pagkalap ng pondo upang mabigyan ang nasabing mga pamilya na kasalukuyang nasa pangangalaga ng PSHS. Tinatayang 2,000 indibidwal ang pansamantalang nanunuluyan at kinakalinga ng mga kawani ng PSHS Eastern Visayas Campus.

"We appeal to your kindness and generosity to adopt a family at the PSHS evacuation center," pahayag ni Sec. Montejo.

Ani Sec. Montejo, mangangailangan ng P1,000 upang masuportahan ang isang

pamilya na mayroong limang miyembro sa loob ng isang linggo at tinatayang P2 million ang kakailanganin upang masuportahan ang mga pamilya sa loob ng isang buwan.

"With 20 agencies under the department, the goal is to receive cash donations of about P100,000.00, more or less, from each DOST agency," dagdag pa ni Sec. Montejo.

Ang nasabing mga donasyon ay ibibigay sa tanggapan ng DOST VII sa Cebu City na kung saan ang mga kakailanganing

mga pangunahing pangangailangan ay bibilihin at ibabalot bago ito dalhin sa Palo, Leyte.

Pahayag pa ni Sec. Montejo hindi maaaring talikuran ng Kagawaran ang responsibilidad nito sa mga pamilyang kasalukuyang kinukupkop.

Noong nakaraang linggo, ang DOST ay nakapagbigay na ng

paunang tulong sa mga kawani ng PSHS at mga mag-aaral at pamilya nito.

"Our regional offices coordinated efforts and the Mindanao regional offices, braving the risks on the road, brought the long awaited assistance to our colleagues and their families in Palo, Leyte," wika ni Sec. Montejo.

**(Impormasyon mula kay Allan Mauro Marfal, S&T Media Service, STII)**



Niyog maaaring...  
Mula sa pahina 1



Ang mataas na dietary fiber ay makatutulong upang pababain ang kolesterol sa ating katawan. Makakaiwas din sa iba't ibang sakit gaya ng sa puso, pagkontrol sa blood sugar, maging ang pagbabawas ng timbang.

Napatunayan na ang madalas na pagkain ng fiber ay mabisang sandata sa pagtanggali ng dumi, asukal at taba sa katawan. Inirerekuminda rin ito na mabisang pangkontrol sa mga sakit na kinakailangan ng mahabang gamutan katulad ng *diabetes mellitus*, sakit sa puso at kanser.

Naniniwala ang DOST-FNRI na sa pagiging maingat sa kalusugan ng mga Filipino, tataas ang demand sa mga functional foods o iyong mga pagkain na maraming benepisyon pangkalusugan na ibinibigay. Kaya naman ang coconut flour ang isang sangkap upang matugunan ang pangangailangan ng mga mamimili.

At upang magkaroon pa ng karagdagan halaga ang lokal na niyog, kasalukuyang pinag-aaralan ng DOST ang pagpapahusay ng mga tanim sa pamamagitan ng teknohiyang genomics.

**ARISTOTLE P. CARANDANG, PhD**  
Editor-in-Chief

**JOY M. LAZCANO**  
Copy Editor

**JAMES B. INTIA**  
Layout

**JUDITH L. SABLAN**  
Proofreader

Ang Balitang Rapidost ay buwanang lathalain ng institusyon ng impormasyon sa Agham at Teknolohiya (STII) para sa Kagawaran ng Agham at Teknolohiya (DOST).

Para sa inyong mga tanong at suhestiyon, maari po kayong mag email sa [balitangrapidost@gmail.com](mailto:balitangrapidost@gmail.com) o tumawag sa DOST trunkline (02)837-2071 loc. 2148

## Industriya ng saging... Mula sa pahina 1

Kaugnay nito, magtatayo ng mga makabagong laboratoriyong mga greenhouse upang pag-aralan ang mga pamamaraan upang masugpo ang nasabing peste ng mga lokal na saging.

Ang nasabing pag-aaral ay pangungunahan ng DOST kasama ang University of Southeastern Philippines, Bureau of Plant Industry-Davao, National Crop Research and Development Center, Southern Philippines Agribusiness and Marine and Aquatic School of Technology (SPAMAST), at University of the Philippines Los Baños. Magsisilbi namang coordinator ng programa ang Southern Mindanao Agriculture Resources Research and Development Consortium (SMARDEC).

Ang problema sa mga taniman ng saging sa Davao ay pinalala pa ng Bagyong Pablo na tumama sa Mindanao noong 2012.

Upang tugunan ang problema, ipinatupad ng DOST-Philippine Council for Agriculture, Aquatic and Natural Resources Research and Development ang tatlong proyekto tungo sa pagpapanumbalik ng sigla ng mga taniman ng saging sa mga piling munisipalidad sa Compostela Valley, Davao del Norte, at Davao Oriental.

Isusulong ng mga nasabing proyekto ang produksyon ng saging at ang crop rotation nito sa dwarf coconut.



## Industriya ng kawayan at metal works, patok sa Iloilo

Ni Allan Mauro V. Marfal  
S&T Media Service



**I**loilo City- Kilala ngayon ang siyudad ng Iloilo hindi lamang sa maunlad nitong tradisyon tulad ng ipinagmamalaking La Paz Batchoy, mga luma at makasaysayang simbahan katulad ng Miag-ao at Molo at Dinagyang festival ngunit sa yumayabong na industriya ng metal at bamboo.

Ang mga industriya ng metal at bamboo bagaman nagsimula bilang maliit na negosyo ay nagtatamasa ngayon ng malaking tagumpay.

Isa na rito ay ang Iloilo Kawayan Marketing (IKMAR) na itinatag noong 2006. Ang kumpanya ay nagsimula lamang gumawa ng mga produkto tulad ng chopstick, barbecue stick at toothpick sa isang maliit na pwesto.

Ayon kay Atty. Ma. Theresa "Sweet" Malones-Sanchez, may -ari ng IKMAR, napansin niya na maaaring pagkakitaan ang mga saw dust na kadalasang itinatapon lamang ng mga lumber shop sa Iloilo.

Dito na nagsimula ang paggawa ng IKMAR ng mga produkto mula sa saw dust. At upang mas paghusayin ang kalidad ng kanilang produkto, humingi ng tulong ang kumpanya sa DOST Regional Office VI sa pamamagitan ng Small Enterprise Technology Upgrading Program (SETUP) noong 2008.

Sa tulong ng SETUP ay nakabili ang kumpanya ng dryer at briquetting machine

na siyang tutulong upang gawing bamboo charcoal briquette ang mga saw dust. Ang charcoal briquette ay isang mahusay na alternatibo bilang pamalit sa uling.

Ani ni Atty. Sanchez, "what's good about the bamboo briquette is that they adhere to the advocacy of pro-trees. Instead of cutting trees to make bamboo charcoal briquette, IKMAR uses saw dust."

Napatunayan din nila na epektibo na pamalit ang bamboo charcoal briquette bilang panggatong kung saan mas mataas ang antas ng init nito kumpara sa ibang panggatong.

Idinagdag pa ni Atty. Sanchez na sa pamamagitan din ng SETUP, mas naging matatag ang operasyon ng kanyang kumpanya. Sa katunayan, ang IKMAR ay gumagawa ng mga barbecue stick at toothpick ng ilang kilalang fast food chain.

Samantala, iniangat naman ng MAGS Pipe Bending and Steel Works ang industriya ng metal sa naturang probinsya.

Matatagpuan sa maliit ngunit abalang pamilyahan ng Rizal Estandzuela, ang MAGS Pipe Bending and Steel Works ay gumagawa ng mga custom-made kitchen utensil ng mga hotel at restaurant. Sila ay gumagawa rin ng iba't ibang kagamitang pang-medikal, furniture maging ang mga bahagi ng mga sasakyan.

"I started on working with basic metal works, furniture and automotive accessories. Now I can't believe I am already producing for hospitals, hotels, restaurants and car shops in Western Visayas," pagbabahagi ni Marlon G. Gascon, may-ari ng MAGS.

Noong 2007, sa tulong ng SETUP ay nakakuha ng electroplating machine na siyang tumutulong upang ang mga bakal ay hindi kalawangin. Dahil dito, napababa ang halaga ng kanilang gastos sa produksyon at operasyon habang tumataas naman ang kinikita nila mula sa mga nabebentang produkto.

Maliban dito, maraming lokal na residente rin ang nabibigyan ng kumpanya ng hanap-buhay.

"I am grateful to DOST for sharing me the knowledge on electroplating process. The technology was an important breakthrough of my 15 years in the metalworking industry," wika ni Gascon.

Si Atty. Sanchez at G. Gascon ay ilan lamang sa mga nabiyayaan ng iba't ibang technical assistance mula sa DOST sa pamamagitan ng SETUP sa Region 6. Para sa karagdagang impormasyon, maaaring tumawag sa 02 837-2071 loc.2015 o sa DOST Regional Office at Provincial Science and Technology Center.

# DOST pinangunahan ang “Sulong Tabang S&T sa Visayas”

**U** pang makakalap ng pondo para sa mga biktima ng Super Typhoon Yolanda sa mga pamilyang kinukupkop ng Philippine Science High School (PSHS) sa Palo, Leyte, ang Science and Technology Information Institute, ang communication arm ng Department of Science and Technology (DOST) ay inilunsad ang T-shirt campaign na “Sulong-Tabang S&T sa Visayas”.

Ang mga T-shirt ay maaaring maagang panregalo sa kapaskuhan o maging isang panawagan upang ipakalat ang paghingi ng tulong sa mga pamilyang biktima ng nakaraang bagyo na tinatayang pinakamalakas sa buong mundo para sa taong ito.

Mayroong dalawang kulay na mapagpipilian, ang puti at powder blue at sukat mula small hanggang large. Ang small hanggang large ay nagkakahalaga sa P200 habang ang XXL at XXXL ay nagkakahalaga ng P220. Para maka-order, maaari lamang i-PM ang Sulong Tabang Visayas o Science and Technology Information Institute-DOST Facebook account o tumawag sa STII sa numerong (02) 837-2071 loc. 2131 at hanapin si Tess Rosqueta.

Ang kabuuang halaga ng kikitain ay mapupunta sa relief program ng DOST.

Samantala, ang DOST ay nagsagawa ng sarili nitong relief program at fund drive

upang maipamahagi sa mga pamilyang kinukupkop ng PSHS sa Palo, Leyte.

Maliban sa mga pagkain at damit, plano din ng Kagawaran na makapagbigay ng tulong teknikal at manpower sa mga nasalanta.

Pinangunahan ni DOST Secretary Mario Montejo ang panawagan sa mga ahensiyang nasa ilalim ng Kagawaran na makibahagi sa nasabing relief program. Ang mga relief goods na ipinamamahagi ay kinabibilangan ng mga pangunahing pangangailangan gaya ng damit, bigas, canned goods, kumot, gamit pampalikuran, at tsinelas.

Maaari ring magbigay ng mga pinaglumaang bisikleta upang magamit bilang paraan ng transportasyon.

Ang lahat ng mga makakalap na donasyon ay ibibigay sa DOST Central Office sa pamamagitan ng tanggapan ni DOST Undersecretary for Regional Operations, Carol M. Yorobe na siyang mangangasiwa ng paghahatid sa Palo, Leyte.

Para sa mga interesadong maghatid ng kanilang donasyon, maaaring makipag-ugnayan sa DOST Central Office, DOST Complex, Gen.



Suot ng mga kawani ng DOST-STII ang “Sulong-Tabang, S&T sa Visayas” t-shirt upang makakalap ng pondo para sa mga pamilyang nasalanta ng Super Typhoon Yolanda.

Santos Ave., Bicutan, Taguig City at numerong (02) 837-7494 local 2015 at 2530 o telefax 837-2944. Maaari rin pong ihatid ang inyong tulong sa Science and Technology Information Institute sa pamamagitan ni Assistant Secretary Raymund E. Liboro, sa numerong 837-2071 hanggang 82 local 2130, 2135 at 105 at sa 837-2192 hanggang 95 local 106. (Impormasyon mula kina Framelia Viernes Anonas, Benedict Cagaanan, and Rodolfo de Guzman, S&T Media Service, DOST-STII)

**Mindanao Cluster S&T Fair.** Pinangunahan ng mga opisyal ng DOST ang pagsisimula ng mga exhibit sa DOST Mindanao Cluster Fair na ginanap sa Almont Inland Resort sa Butuan City, Agusan del Norte. Ang nasabing exhibit ay kinatampukan ng mga teknolohiya at mga produkto ng mga kumpanyang natulungan ng Kagawaran sa pamamagitan ng Small Enterprise Upgrading Program. Ang mga nasa larawan ay sina DOST-CARAGA Officer-In-Charge Dominga D. Mallonga (pangatlo mula kaliwa), kasama sina (kaliwa-kanan) Technology Application Promotion Institute Director Engr. Edgar I. Garcia, DOST X Director Alfonso P. Alamban, DOST XI Director Anthony Sales, Forest Products Research and Development Institute Director Romulo T. Aggangan, Industrial Technology Development Institute Director Nuna E. Almanzor, DOST IX Director Brenda N. Manzano, at DOST ARMM Secretary Myra M. Alih (Larawan mula kay Henry A. De Leon, S&T Media Service, DOST-STII).



**LarawaNEWS**